# Paghahalintulad ng Kasaysayan ng Simbahan sa Ating Sarili

## Aktibidad A

### PANGANGARAL NG EBANGHELYO

Isinulat ni Propetang Joseph Smith, "Hindi nahadlangan ng pag-uusig ang paglaganap ng katotohanan" (*History of the Church*, 4:540). Ang Panginoon ay tumawag noon ng maraming miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol upang magmisyon sa ibang bansa. Sa kabila ng karamdaman at paghihirap, ang mga determinadong kapatid na ito ay masunuring umalis sa Nauvoo upang maglingkod. Dahil dito, libu-libong tao—lalo na mula sa England—ang tumanggap ng patotoo mula sa Diyos, sumapi sa Simbahan, at naglakbay patungong Nauvoo. Naging malaking kalakasan sila sa Simbahan.

Basahin ang 1 Nephi 3:7 at Doktrina at mga Tipan 3:1, at pag-isipan kung paano maaaring nauugnay ang mga talatang ito sa halimbawang ito ng gawaing misyonero.

## Aktibidad B

### PAGTATATAG NG RELIEF SOCIETY

Habang itinatayo ng mga Banal ang Nauvoo Temple, napansin ng ilang kababaihan na marami sa mga lalaking nagtatrabaho sa templo ang walang sapat na sapatos, pantalon, at polo. Dahil nabigyang-inspirasyon ng Panginoon, bumuo sila ng isang grupo ng kababaihan at nagsimulang magtulungan upang maibigay ang mga damit na ito. Gaya ng mga katulad na grupo noong panahong iyon, nagbalangkas sila ng isang saligang-batas. Ipinakita nila ang dokumento kay Joseph Smith para sa kanyang pagsang-ayon.

> [Nang makita ito ni Joseph],sinabi ni Joseph na ito ang pinakamahusay na saligang-batas sa lahat ng uri nito. "Ngunit hindi ito ang gusto ninyo," sabi niya. "Sabihin sa mga kapatid na babae na tinatanggap ng Panginoon ang kanilang mga handog, at Siya ay may inilalaang mas mainam para sa kanila. . . . Aking isasaayos ang kababaihan sa ilalim ng priesthood, ayon sa kaayusan ng priesthood." (*Mga Banal*, 1:512)

Noong Marso 17, 1842, inatasan ng Diyos si Joseph Smith na itatag ang Relief Society. Patuloy na binibigyang-inspirasyon ng Diyos ang mga lider ng Relief Society ngayon upang paglingkuran at palakasin ang mga miyembro ng Simbahan at ang napakaraming iba pa.

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 58:26–28, at alamin kung paano maiuugnay ang mga talatang ito sa mga inspiradong kababaihan na ang mga ginawa ay humantong sa pagtatatag ng Relief Society.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_431-1